Para sa komidad ng Wood Buffalo, ang lokal na pamahalaan ay nagpapayo sa lahat na kung gagamit ng tubig mula sa gripo ay pakuluan muna ng mahigit isang minuto.

Kung may mga bata sa bahay, siguraduhin na hindi maabot ang kaldero para maiwasan ang pagkapaso. Kung mag papakulo ng tubig, siguraduhin hindi masyadong puno ang kaldero para maiwasan ang pag talsik ng mainit na tubig. Kung may mga yelo na ginagawa dati, Itapon ito at disimpektahin ang mga ice cube trays. Gumawa ng panibagong yelo gamit ang pinalamig na tubig na dati nang pinakuluan.

Ang tubig na pinakuluan ay para:

- Pang inom
- Pang luto
- Pang gawa o timpla ng gatas ng sanggol
- Pang gawa ng yelo
- Pang hugas ng prutas o gulay
- Pang linis ng ngipin
- Para sa mga alagang hayop

And tubig mula sa gripo ay pwedeng gamitin sa paligo